



Bayaran ang Buwis ng Sasakyan sa takdang panahon


Kung mahuli sa pagbayad ng buwis, may dagdag na sa babayaran

May 50 uri ng buwis gaya ng income tax at resident tax. Binabayaran ang mga buwis sa inyong local tax office o prefectures o siyudad kung saan kayo nakatira.

Isa sa mga buwis na dapat bayaran sa prefecture ay ang buwis ng sasakyan, na dapat bayaran kung nagmamay-ari ka ng sasakyan. Kailangang bayaran ang buwis nito tuwing Mayo, gamit ang tax-paper na ipinapadala sa mga taong nagmamay-ari ng sasakyan.

► Ano ang buwis ng sasakyan?

Ang mga may-ari ng sasakyan ay magbabayad ng buwis taun-taon. Ang buwis ay sinisingil upang magamit sa pagpapanatili ng kalagayan ng mga daan.



► Sino ang dapat magbayad ng buwis?

Kung mayroon kang sasakyan pagtuntong ng Abril 1, magbabayad ka ng buwis. Kapag bumili ka ng sasakyan papatawan ito ng buwis at papadalhan ka ng tax-paper sa susunod na taon. Ang halaga ng buwis ay ayon sa uri ng sasakyan, kung ito ay maliit na automobile, ordinaryong motor vehicle o truck, sa paggagamitan nito, sa cubic capacity ng sasakyan (air intake ng sasakyan at dami ng gasolina) at kung ilang taon na itong ginagamit. Suriin dapat ito.

► Paraan at petsa ng pagbabayad ng buwis ng sasakyan

Pinapadala sa Mayo ang “tax paper” at gamitin ito sa pagbayad hanggang sa palugit (Mayo 31 ngayong taon). Magbayad ng buwis ng sasakyan sa mga convenience stores o sa mga banko.

► Kapag hindi ka nagbayad ng buwis ng sasakyan

Kapag hindi ka nagbayad ng buwis sa takdang araw, may karagdagang bayarin maliban sa nakatakdang buwis.

Kung patuloy kang hindi magbabayad ng buwis, isang paalala (sulat na aabisuhan ka na magbayad) ay ipapadala sa iyo. Kung hindi ka pa rin magbabayad, ang bansa, prefecture o ang munisipyo ay pwersahang kukuha sa bank account mo. Ito ay tinatawag na pagkukumpiska, sa pasya ng batas. Kapag hindi nagbabayad ng buwis, ginagamit ang ganitong istriktong paraan.

► Para sa detalye tingnan ang “Prefectural tax sa Saitama (ukol sa buwis ng sasakyan)”

(Ingles)



(Intsik)



(Portuguese)



Ayon sa nakalathala sa: Tax Affairs Section, General Affairs Division, Saitama



※Kung meron kang motorbike o light motor vehicle, magbabayad ka ng akmang buwis sa inyong munisipyo. Para sa light motor vehicle tax, makipag-ugnayan sa opisina ng inyong lokal na munisipyo.

Kumuha tayo ng Japanese Language Proficiency Test



Alamin natin kung gaano tayo kagaling sa wikang Hapon

Sa FICEC may mga mag-aaral ng Japanese na pumasa ng N2 o N3 test at meron ding naipasa ang N1 test.

■ Araw ng iksamen: **Hulyo7** (Linggo)

■ Aplikasyon para sa iksamen:

- Internet (Marso 22 - Abril 22 hanggang 5:00 pm)

<http://info.jees-jlpt.jp/application/>

- Padala sa post office (Marso22 - Abril 22)

■ Makipag-ugnayan sa

Japanese Language Proficiency Test Application Center: 03-6686-2974

■ Nagbibigay din ng suporta sa paghahanda sa pagsusulit sa FICEC Japanese class



FICEC International Children's Club



◆ Pagtuturo ng Nihongo at pagbigay ng suporta sa mga batang may dayuhang magulang sa International Children's Club

◆ Kung may mga batang hindi pa nakakakaintindi ng Nihongo o nahihirapang matuto sa paaralan at kailangan ng tulong, tumawag o magsadya lamang sa FICEC.

○ Oras ng pag-aaral: Tuwing Sabado 9:00 hanggang 12:00

○ Lugar: Fujimino International Cultural Exchange Center (FICEC)

(5 minutong lakarin mula sa west exit ng Kamifukuoka Station)

○ TEL: **049-256-4290**, Ms. Yamahata (10:00 - 16:00 Lunes hanggang Byernes)

Pag-aaral sa junior high school sa Japan

Ang junior high school na panggabi, ay sisimulan na sa Kawaguchi-shi sa Abril, 2019. Kung gusto mong mag-aral sa paaralan sa Japan o gusto mo ng graduation certificate sa junior high school para pumasok sa high school, pwede kang mag-aral sa gabi dito .

Ang mga may status of residence, nakatira sa Saitama, 16 taong gulang o higit pa, ay pwedeng pumasok. Parehas lang ang pinag-aaralan dito at ng sa ordinar-yong public junior high school.

Magdaraos ng pagpupulong ng pagpapaliwanag ukol dito pero hindi pa tiyak kung kailan.

<https://www.pref.saitama.lg.jp/f2213/>



Sumali tayo sa ika-unang pagsusulat sa Bagong Taon

Tuwing Enero sa Japanese language class ng FICEC magsusulat gamit ang ink brush para sa Bagong Taon. Ito ay isang karanasan sa sining.



Nababasa mo ba ang mga sulat mula sa city hall o sa paaralan?

Simula ng bagong fiscal year sa Abril. Sa pagsimula ng pasukan, maraming sulat galing sa paaralan gaya ng “abiso ng pag-oberba sa klase sa paaralan”, “abiso ng health checkup”, “abiso ng babayaran” at iba pa sa wikang Hapon. Kung hahayaan lamang at di papansinin ang mga ito, mahihirapan ang mga bata. Kung hindi mabasa o hindi maintindihan ang mga sulat, o hindi alam ang gagawin, pumunta sa Japanese class ng FICEC. Matuto tayo ng wikang Hapon para mas masuportahan natin ang ating mga anak.

Sa FICEC maaaring mag-aral ng gustong matutunan. Pag lumaon maiintindihan mo din ang mga sulat mula sa city hall, paaralan, at iba pa kung laging mag-aaral ng Japanese.



Bagong “Immigration Control at Refugee Recognition Act” simula ngayong Abril

Ang detalye ng nilalaman ay ipapaliwanag sa susunod na Information Fujimino na ilalathala sa Mayo.